



Mga Programa sa Paglangoy habang Bakasyon

SUMULAT GAMIT ANG MGA INGLES NA KARAKTER

Pumili ng programa (program):

- Programa sa Oktubre (October) 5 araw na programa sa Oktubre (Oct 5 day)
- Unang Program sa Enero (Jan 1) Ikalawang Program sa Enero (Jan 2)
- 5 araw na programa sa Enero (Jan 5 day) Programang maagang pagsisimula sa bansa (country)

Pangalan ng lugar (venue)..... umaga (AM) hapon (PM)

Ikalawang Lugarnd gusto (2nd preference)..... umaga (AM) hapon (PM)

Apelyido ng mga bata
(surname)

Address sa koreo.....
Suburb/Bayan.....

(address) (suburb/town)

Postcode..... Telepono.....

Email.....
(postcode) (telephone) (email)

Pangalan ng bata (name)	Petsa ng kapanganakan (DOB)	Yugto papunta sa (stage)	Lalaki/Babae (M/F)	Mga medikal na kondisyon/tala (medical)

Nabasa at sumasang-ayon ako sa mga kondisyong nakasaad sa nakalakip na pagpapaubaya.

Petsa.....
(I have read and agreed to conditions)
(Date)

Pangalan ng magulang/tagapag-alaga.....

(Parent/carer's name)

Pirma.....
.....
(signature)

Pagbabayad: Credit card Tseke Konsesyon (isama ang kopya ng card) Kabuuan \$.....

PAHAYAG AT KASUNDUAN SA PAGPAPATALA

Nakadepende ang pag-a-apply sa, at paglahok sa, Programang VacSwim sa pagkumpirma ng aplikante sa pahayag at kasunduan sa pagpapatala na nasa ibaba. Pakibasa ang pahayag at kasunduan sa pagpapatala na nasa ibaba at kumpirmahin (pumirma sa harap na pahina) para magpatuloy sa pagbabayad.

Ibinibigay ang pahayag at kasunduang ito sa pagpapatala para sa kapakinabangan ng Ministro para sa Edukasyon at Pagsasanay, isang korporasyon sa ilalim ng *School Education Act 1999 (WA)* at kapakinabangan ng Estado ng Kanlurang Australia (magkasama at magkahiwalay, tinutukoy bilang VacSwim).

IPINAPAHAYAG KO na totoo at wasto ang impormasyong ibinigay ko sa aking pagpapatala sa abot ng aking kaalaman.

KINIKILALA KO AT SUMASANG-AYON sa sumusunod, na may kaugnayan sa bawat batang kasama sa aking aplikasyon (tinutukoy bilang ang Manlalangoy):

- Nabasa at naiintindihan ko, at sumasang-ayon ako sa, mga tuntunin at kondisyon sa pagsali sa Programang VacSwim na nakabalangkas sa website ng Department of Education.
- Sisiguraduhin ko na susunod ang Maglalangoy sa lahat ng patakaran, pamantayan at hinihingi ng Programang VacSwim na ipinababatid sa mga kasali sa ilang pagkakataon.
- Kapag nagkaroon ng pinsala, sakit o iba pang medikal na problema ang Manlalangoy, pinahihintulutan ko ang VacSwim na isaayos ang anumang medikal na tulong na maaaring kailanganin at sumasang-ayon akong bayaran ang lahat ng gastusing may kaugnayan sa anumang medikal na tulong.
- Maliban kung ibinunyag ko ito sa aking aplikasyon, wala akong nalalamang anumang sakit o kondisyon na maglalagay sa panganib sa kalusugan ng Manlalangoy kung sumali siya sa Programang VacSwim. Kung saan hindi ako nakasisiguro sa kalagayan ng kalusugan ng Manlalangoy, tinatanggap ko na pananagutan kong isaayos ang anumang medikal na pagsusuring kailangan para matiyak ang kalagayan ng kalusugan ng Manlalangoy.
- Sumasang-ayon ako na, alang-alang sa kaligtasan ng iba pang kasali, iiwasan kong isama ang Manlalangoy sa isang aralin ng Programang VacSwim kung may anumang nakahahawang sakit ang Manlalangoy.
- Kinikilala ko na ang mga guro ng VacSwim ang tanging responsable sa pamamahala ng mga batang direktang kasama sa mga aralin ng Programang VacSwim na kanilang tinuturuan, at sa panahon lang na isinasagawa ang aralin. Kinikilala ko na dapat kong siguraduhin na nabigyan ang Manlalangoy ng angkop na pamamahala sa lahat ng oras. Lalo na, kinikilala ko na responsibilidad kong sunduin ang Manlalangoy mula sa aralin ng Programang VacSwim sa pagtatapos nito.
- Sa hangganan na ipinahihintulot ng batas, aking:
 - (a) pinalalaya ang VacSwim at ang mga opisyal nito, empleyado, ahente, volunteer at kontratista (tinutukoy bilang mga Partido ng VacSwim) mula sa pananagutan dulot ng pagkawala, pagkasira o pagkapinsala na maaaring mangyari sa o may kaugnayan sa; at
 - (b) bibigyan ng bayad-pinsala ang mga Partido ng VacSwim para sa at laban sa lahat ng pagkawala, paghahabol, paglilitis, pananagutan, multa, bayarin at gastusin na tuwiran o di-tuwirang magmumula sa o may kaugnayan sa, pagdalo ng Manlalangoy sa, o pagsali sa, Programang VacSwim sa makatuwirang panahon bago, habang at matapos ibigay ang mga tagubilin ng Programang VacSwim. Hindi magagamit ang pagpapalaya at pagbabayad-pinsala na ito sa hangganan kung saan hindi gumawa ng angkop na pangangalaga at kasanayan ang sinumang Partido ng VacSwim na may kaugnayan sa Programang VacSwim.
- Kinikilala ko na magsisikap ang VacSwim na iparehistro ang Manlalangoy sa mga klaseng iyon na hiniling ko ngunit walang ibinibigay na garantiya ng pagpapatala sa alinmang partikular na sesyon o programa ng VacSwim. Kapag hindi matutugunan ang aking partikular na kahilingan,

sumasang-ayon ako na maaaring iparehistro ng VacSwim ang Manalangoy sa isang available na klase ayon sa tinukoy ng VacSwim.

- Kinikilala ko na kung gusto kong kanselahin ang pagpapatala ng Manalangoy, dapat kong sundin ang pamamaraan sa pagkansela na nakabalangkas sa webpage ng Pagpapatala at alinsunod sa anumang kanselasyon at ang anumang pagsasauli ng ibinayad sa mga kondisyong nakabalangkas sa website ng Department of Education.

KINIKILALA KO NA:

- kailangang limang taong gulang o higit pa ang mga bata sa unang araw ng mga aralin;
- hindi kasama sa bayarin sa pagpapatala ang bayarin sa pagpasok sa swimming centre;
- kailangang kasama sa pagpapatala ng mga bata ang dalawang kagustuhan para sa mga lugar na nasa malalaking lungsod;
- hindi magagarantiya ng VacSwim ang mga gustong oras.